LUNGSOD NG CALAMBA
1742 LAGUNA 2001

# CALAMBALITA

Vol. 3 No. 004

May 6, 2019 Bilang 25



# MAYOR TIMMY'S STATE OF THE CITY ADDRESS

Congressman Jun Chipeco
Vice Mayor Ross Rizal
Mga Konsehal….
Mga pinuno ng mga tanggapang local at nasyonal
Mga kinatawan ng mga non-government organizations
Mga kababayan kong Calambeño

Sa ika-labing walong (18) anibersaryo ng ating pagiging lungsod at sa ika-anim na pagkakataon bilang inyong Alkalde, isang karangalan para sa akin ang magbigay ng ulat ukol sa estado ng ating siyudad.

Sa dalawang magkasunod na taon, iginawad sa atin ang pinaka-mataas na pagkilala sa larangan ng pamamahalang lokal o local governance. Ito ay itinuturing na Mother of All Awards ng Department of Interior and Local Government at minimithi ng mga local government units/ dahil ito ang katunayan na naibibigay natin ang tamang kalidad ng serbisyo sa ating mga kababayan. The ***SEAL OF GOOD LOCAL GOVERNANCE*** award is a most precious recognition/ that we have met the standard set by the National Government/ and are on the right direction towards realizing the promise we made to all of you, my dear Calambeños…that our city is where you would want your children and grandchildren to live and where you will want to stay till your ripe old age.

Ang unang pamantayan - ***FINANCIAL ADMINISTRATION***.





For the year 2018, we are happy to inform you that our total revenue from both local and external sources reached P4.436 Billion. Ito po ay mas mataas ng 7.5% kaysa noong 2017 at nalampasan natin ang target na ibinigay sa atin ng Bureau of Local Government Finance. Katulad po noong isang taon, pinakamalaking bahagdan o 30% ay galing sa business tax; sumunod po dito o 25% ay galing sa Real Property Tax. Ito po ay malaking patunay na malaki pa rin ang tiwala ng mga negosyante sa ating lungsod. With more than 9,000 business permits issued for the year, we surpassed our target by almost 10%, proof that business is both HIGHLY PROFITABLE and relatively EASY in Calamba…one of the main reasons why we were chosen as FINALIST in the 2018 Search for ***MOST BUSINESS FRIENDLY COMPONENT CITY*** by the Philippine Chamber of Commerce and Industry.

Kapansin-pansin din ang paglaki ng koleksyon sa Real Property Tax na tumaas ng halos 10% noong isang taon, dahilan upang magawaran tayo ng pagkilala "for attaining the highest total assessed valuation for the past year" mula sa Bureau of Local Government Finance Region IVA.

Naniniwala ako na sa malawakan nating tax campaign, sa mahusay na pamamahala ng ating Finance Group/ kasabay ang ating patuloy na pakikipag-ugnay sa business investors, magpapatuloy ang pagtaas ng ating kita/ at mananatili tayong isa sa pinaka-mayamang lungsod sa buong bansa.

With the financial resources at our disposal….what is the status of our public services?

Unahin natin ang ating ***MEDICAL SERVICES*** – ang ating serbisyo medikal ay ibinibigay ng ating 223 na medical at dental personnel sa ating main health centers sa Brgy. VII at CUBA, Emergency Clinic sa Barangay Punta, dalawang birthing facilities/ at health centers sa iba-ibang barangay. Noong isang taon, 1,201 ang sanggol na isinilang sa ating 2 birthing facilities/ na inaasahan nating mas dadami pa/ dahil magkakaroon na rin tayo ng birthing facility sa Barangay Canlubang ; 9,076 na bata ang nabigyan natin ng full immunization at nasa 130,000 ang kumunsulta at nabigyan ng gamot sa ating mga health centers. Dahil sa malawakan nating nutrition program bilang National Nutrition Honor Awardee, naibaba natin sa 3.3% ang rate ng malnutrition sa lungsod. Tuloy din po ang ating libreng dental at laboratory services, gayon din ang gamutan laban sa sakit na TB. Full blast din po ang ating HIV-Aids Program/ at masusi ang ating monitoring para sa dengue/ dahil marami tayong naging insidente noong isang taon. Dahil sa pangangailangan ng mas malaking birthing facility, kasalukuyang ginagawa ang 3 palapag na bagong gusali sa Brgy. VII na magbibigay din ng mas malaking lugar para sa iba nating serbisyo. Bukod sa lahat ng ito, patuloy ang ating pakikipag-ugnayan sa Calamba Medical Center ukol sa ating Charity Ward at sa mga pribadong Dialysis Centers para sa pagbibigay ng dialysis. Dahil sa mga programang ito, itinanghal tayong ***TOP PERFORMING LGU ng Provincial Government of Laguna noong nakaraang Disyembre. Sa larangan ng SOCIAL***



***SERVICES – SEAL OF CHILD FRIENDLY LOCAL GOVERNANCE*** – ito ang pagkilala na natanggap ng ating lungsod sa loob ng tatlong sunud-sunod na taon/ mula sa Center for the Welfare of Children ng Office of the President. Ito ay dahil sa marami nating programa para sa pangangalaga ng ating mga kabataan.

Ito ay sa pamamagitan ng ating mga centers tulad ng:

- *2nd Chance Home for Children in Conflict with the Law; Shelter of Hope at Center for Street Children na nasa Barangay San Jose*
- *Hope Intervention Center para sa ating mga mentally challenged children*
- *at ang ating 79 na Day Care Centers sa 54 nating barangay*

Bukod diyan, mayroon na tayong Women Crisis & Therapy Center sa Barangay Punta para sa mga kababaihang dumadanas ng iba't-ibang uri ng karahasan. Patuloy din po ang ating ibang social service programs tulad ng Philhealth ng Masa kung saan mayroon tayong 4,000 beneficiaries; financial assistance para sa hospitalization, medical, burial services, education, emergency shelter at iba pa, kung saan nagkaroon tayo ng 5,000 beneficiaries noong isang taon.

Para naman sa mga ***ESPESYAL NA SEKTOR*** sa ating lipunan…. Palagi kong sinasabi sa inyo na may tanging bahagi sa aking puso ang ating mga SENIOR CITIZENS. Ayon sa ating datos, mayroong 42,062 registered senior citizens sa ating lungsod. Silang lahat ay tumatanggap ng P500 na regalo sa kanilang birthday at grocery packs tuwing Pasko. Patuloy po ang kasunduan natin sa SM Cinema para makapag-enjoy sila ng ***LIBRENG SINE***. At sa panahon ng pangangailangan tulad ng pagkakasakit, mayroon tayong medical at hospitalization assistance.

Mayroon na tayo ngayong rehistrado na 7,171 ***PERSONS WITH DISABILITY.*** Sila po ay nabigyan ng tulong sa pamamagitan ng pamamahagi ng wheelchairs, hearing aid, crutches at prosthetic legs. Tinuturuan natin silang huwag gawing sagabal ang kapansanan upang magkaroon ng maayos na buhay sa pamamagitan ng ating livelihood programs. Nakikipag-ugnayan din tayo sa mga kumpanya para sa employment of PWDs at mayroon na tayong mahigit 50 PWDs na naipasok sa mga kumpanyang ito. At hindi magtatagal ay magkakaroon narin sila ng Philhealth coverage na magiging malaking tulong sa panahon sa pagkakasakit. Ang mga ***SINGLE PARENTS*** din ay nakakatanggap ng grocery package tuwing Pasko, bukod pa sa livelihood at medical assistance na ibinibigay sa kanila.

Sa larangan ng ***EDUKASYON***…nananatiling epektibo sa kanyang mandato ang CITY COLLEGE OF CALAMBA. Since its establishment in 2006 by my father, then Mayor Jun Chipeco, it has provided quality and relevant education to the financially challenged but brightest youth in the city. Simula noong 2010, 2,795 na ang nagtapos sa 5 kurso sa kolehiyo – mga kabataang nabigyan natin ng pagkakataon na magkaroon ng mabuting trabaho at masaganang buhay. Naging napaka-ganda ng performance natin sa mga board exams at ipinagmamalaki natin na simula din nang taong iyon, mayroon na tayong 742 na professional teachers at 88 na Certified Public Accountants.




Dahil sa magandang performance ng kolehiyo, itinanghal tayong Rank 21 out of 1,473 Best Colleges and Universities to Study Elementary Education; at Rank 49 out of 2,158 to Study Secondary Education in 2018. Kaugnay nito, tumanggap ang CCC ng ***ACADEMIC EXCELLENCE AWARD at HUMAN RESOURCE DEVELOPMENT AWARD*** mula sa Association of Local Colleges and Universities Commission on Accreditation at ***MODEL LOCAL CHIEF EXECUTIVE AWARD*** para sa inyong lingkod.

Ang programa natin para sa skills training ay buong husay na ginagampanan ng ***Calamba Manpower Development Center*** sa tatlo nating centers – sa Main Center sa Barangay 7; sa Center Annex sa Barangay Lingga; at sa Satellite Facility sa Barangay Canlubang. Sa nagdaang taon, 433 ang nagtapos at nabigyan ng NC II certificate sa ating TESDA Registered courses/ at 1,275 ang napagtapos natin sa ating Center Based Training Program. Silang lahat ay mayroon nang kasanayan na makapag-trabaho dito at sa ibang bansa o makapagsimula ng sariling negosyo. Dahil sa matagumpay nating pagdadala ng training program sa level ng grassroots sa barangay, ginawaran tayo ng TESDA ng ***NATIONAL KABALIKAT AWARD para sa CALABARZON.*** Kaugnay din sa programang ito, patuloy naman ang pagbibigay natin ng livelihood trainings sa pamamagitan ng ating mga kooperatiba.

With our ***HALL OF FAME AWARD*** received last year from the Cooperatives Development Authority, we are guided by the principle of effective social governance through livelihood projects among cooperatives. Ito ay nagagawa natin sa pamamagitan ng pag-gabay sa 77 nating registered cooperatives at pagtulong sa kanilang mga kasapi/ sa pamamagitan ng pagpapaluwag ng puhunan upang masimulan o mapaunlad ang kanilang mga negosyo. Sa ngayon, mayroon tayong 42 na loan beneficiaries mula sa iba't-ibang barangay kung kanino mayroon tayong naipaluwag na mahigit sa P3 M. Dahil sa mga programang ito, inihanay tayo sa ***LEAGUE OF CHAMPIONS*** ng Southern Tagalog Regional Cooperative Development Council, League of Cooperative Development Officers of the Philippines at Southern Tagalog Union of Cooperatives. Kung nakakatulong tayo sa pagtatayo ng mga negosyo, hindi natin nakakaligtaan ang mga kabataang nais makapag-trabaho sa mga kumpanya at tanggapan.




Noong isang taon, nagsagawa tayo ng mahigit ***200 JOB Fairs*** dito sa ating City Hall, sa mga Serbisyo Caravans at sa iba't-ibang barangay. Pinapalakas natin ang ating mga ***Barangay Employment Services Office*** upang



magkaroon tayo ng data base ng mga aplikante at maging mas madali ang Sistema natin ng referral ayon sa pangngailangan ng mga employers. Noong isang taon, mahigit 4,000 ang Hired on the Spot sa ating mga job fairs at may 6,000 ang natanggap pagkatapos sumailalim sa mga pagsusulit.

Sa larangan ng ***INFRASTRUCTURE***, natutuwa po akong ipa-alam sa inyo/ na nadala natin ang biyaya ng ating mga infrastructure projects sa mas maraming barangay. 51 road projects na mahigit 20 kilometro ang natapos natin sa 36 na barangay/ kabilang po diyan ang malalaking road widening projects sa Brgy. Real, Majada Out, San Cristobal at Sirang Lupa; gayon din ang pagpapagawa ng kalsada sa Brgy. Palo Alto hanggang Brgy. Bubuyan. 32 Street Lighting projects ang naitala natin noong isang taon, karamihan ay nalagyan na natin ng LED lights/ kung saan sa 4 na lugar ay gumagamit na tayo ng solar energy. Sa atin naman pong mga paaralan…. mga bagong gusali na may 3 hanggang 4 na palapag ang naipatayo natin sa 10 paaralan sa lungsod, bukod pa yan sa mga pinaayos nating silid aralan sa 12 paaralan. Ipinaayos din natin ang LLC Auditorium kung saan ginagawa natin ang maraming programa, hindi lamang ng paaralan, kundi pati na rin ng ating mga tanggapan. Nakapag-pagawa din tayo ng bagong Day Care Centers sa 7 barangay, bukod pa sa maraming barangay halls, basketball courts, senior citizen buildings at multipurpose halls sa maraming barangay.




Sa larangan ng ***PABAHAY***…..ang suliranin sa pabahay ay patuloy nating tinutugunan sa kagustuhan nating mailipat sa ligtas na lugar ang ating mga informal settlers. Noong isang taon, mayroon tayong na-census na informal settlers na 31,687 families. As of December, 2018, we have relocated 5,308 families which leave us with 26,379 families to be relocated. Hindi madali ang mailipat agad ang ganito karaming pamilya, pero, unti unti ay nakapagpapagawa tayo ng mga bahay sa mga ligtas na lugar. Nasa bidding process na ang 125 units sa Calambeno Ville Phase 3 sa Barangay Kay Anlog at may commitment na ang National Housing Authority para sa karagdagang 1,000 housing units sa Brgy. Banlic para sa taong ito.








Sa larangan ng ***AGRIKULTURA.*** Bagama't patuloy ang pagtahak ng landas patungo sa industriyalisasyon, aktibong ginagampanan ng ating Agricultural Services Department ang pag-gabay sa ating mga magsasaka / para maitaas ang rice, corn at vegetable production sa lungsod. Katunayan, ***HALL OF FAMER na tayo sa Rice Achiever Award at ACHIEVER sa Corn Quality Award***, parehong National Level. Mahigit 1,000 magsasaka ang nabigyan natin ng fertilizers bilang tulong upang magkaroon ng karagdagang ani. At bilang probisyon para sa Farm Machinery, nai-turn over natin ang 1 Combine Harvester sa Clamba Rice Growers' Multi Purpose Cooperative noong nakaraang Oktubre. Pinalalakas din natin ang Urban Farming at itinalaga ang Brgy. San Cristobal bilang Urban Learning Site ng Agricultural Training Institute. Kinilala na tayo sa larangang ito at itinanghal ang isa nating kababayan na ***Outstanding Urban Farmer ng TOFARM***. Lumalahok din tayo sa mga international initiatives at noong isang taon, nagpadala tayo ng delegasyon sa Japan para sa "International Workshop on Sustainable Resource Management".

Sa patuloy nating pagsisikap upang mapangalagaan ang ating kapaligiran, isang karangalang matanggap natin ang ***TOP PERFORMER AWARD*** sa isinagawang Compliance Assessment in the implementation of the Supreme Court Continuing Mandamus for the Manila Bay Clean Up. Kaugnay diyan ay patuloy ang ating mga river clean ups, ang pagtatanim ng mga punong kahoy at pagpapatupad ng ating mga environmental laws. Ito ang isa sa mga dahilan kung bakit natamo natin ang ***Cleanest Regional City recognition mula sa Swiss Based na IQ AirVisual.***




Ang mga programa ukol sa ***TOURISM PROMOTION at CULTURAL CONSERVATION*** ay pina-igting natin noong isang taon. What we call as the Heritage Area around Rizal Shrine, Banga and the Catholic Church has been lighted and enhanced as the center of history and culture in the city. At upang mas makilala natin ang ating lungsod, nagsimula tayo ng CULTURAL MAPPING PROJECT noong isang taon, kung saan ang mabubuo nating cultural profile ang magiging basehan ng mga programa nating pang-kultura sa susunod na mga taon.

Tinutulungan din natin ang ating hot spring resort owners na makakuha ng accreditation sa Department of Tourism, upang mas matulungan tayo sa tourism promotion, hindi lamang sa Pilipinas, kundi maging sa ibang bansa. Bukod diyan, mas pina-uunlad natin ang BUHAYANI FESTIVAL bilang pangunahing festival na magtatanghal sa ating dakilang bayani, Dr. Jose Rizal at magdadala ng turista sa ating lungsod.



CSC
CIVIL SERVICE COMMISSION
Republic of the Philippines

PRIME-HRM BRONZE AWARD
Maturity Level II – Accreditation
Re: City Government of Calamba, Province of Laguna

Number: 1800714
Promulgated: 10 JUL 2018


RESOLUTION

WHEREAS, pursuant to Section 3, Article IX B of the 1987 Philippine Constitution, the Civil Service Commission, as the central personnel agency of the government, is mandated to establish a career service and adopt measures to promote morale, efficiency, integrity, responsiveness, progressiveness, and courtesy in the civil service; and strengthen the merit and reward system, integrate all human resource development programs for all levels and ranks, and institutionalize a management climate conducive to public accountability;

WHEREAS, the Commission is also mandated under Section 12 (15), Chapter 3, Book V of Executive Order No. 292 to "inspect and audit the personnel actions and programs of the departments, agencies, bureaus, offices, local governments units and other instrumentalities of the government including government-owned or controlled

Sa larangan ng ***HUMAN RESOURCE MANAGEMENT*** –Having reached the 4 HR Systems Maturity Level II along the areas of Recruitment, Selection and Placement, Learning and Development, Performance Management and Rewards and Recognition, we are proud to be the recipient of the ***BRONZE Award for Prime Human Resource Management for 2018 from the Civil Service Commission.*** Ipinagmamalaki natin na propesyonal tayong nakakasunod sa mga itinatakda ukol sa human resource management. Gayundin, alam kong sasang-ayon kayo kung aking sasabihin na naibibigay natin ang lahat ng benepisyong naaayon sa batas para sa ating mga empleyado. Dati ay mga bonuses at Performance Enhancement Incentive lamang….pero noong isang taon, nakapagbigay din tayo ng Performance Based Bonus. Lubos akong naniniwala na mahalagang bigyan ng karampatang reward ang mahusay na paglilingkod/ at ito ang maaasahan ng ating mga empleyado.

Sa larangan ng ***PEACE AND ORDER***. Puspusan po ang ating kampanya, hindi lamang para sa pangkalahatang katahimikan sa ating lungsod, kundi para din sa pagpuksa ng paggamit ng ipinagbabawal na gamot. Sa ngayon ay mayroon na tayong limang (5) Drug Free Barangays – ang Barangay Sirang Lupa, Camaligan, Batino, Mabato at Ulango. Dahil din sa ating mga programa, nagawaran tayo ng ***2018 National Anti Drug Abuse Council Performance Award*** mula sa Department of Interior and Local Government.




***SERBISYO CARAVAN*** – Sa taong 2018, siyam (9) na barangay ang nadalhan natin ng Serbisyo Caravan kung saan mahigit 25,000 ang ating napag-serbisyuhan. Ito ay sa larangan ng social services, medical at dental services, employment, housing, legal, civil registration services, at iba pa.

Sa unang quarter ng 2019, nagsagawa tayo ng apat (4) na caravan para sa labing tatlong (13) barangay at doon ay nakatulong tayo sa mahigit labing isang libong (11,000) nating kababayan na lumuhog para sa iba't-ibang pangangailangan. Pinagsusumikapan po ng inyong lingkod na maipagpatuloy ang SERBISYO CARAVAN na sinimulan ko sa pagsisimula pa ng aking termino. Naniniwala ako na marami tayong mga kababayan na hindi makapunta sa City Hall para humingi ng tulong, at sa pamamagitan ng caravan, tayo ang pumupunta sa kanila upang dalhin ang serbisyo ng pamahalaan.

***ISO CERTIFICATION:***

After having achieved so much in terms of local governance and having been recognized for these accomplishments, we still aim to achieve more and go for global competitiveness.

***Pagkatapos makamit ang ISO 9001:2008 certification, we have successfully transitioned to the new ISO standard - ISO 9001:2015, last year.*** We are due for recertification this year. At dahil "improvement" ang palaging hinahanap sa ISO, mula sa apat (4) ay magiging labing isa (11) ang departamento na isasama natin sa ISO certification. Sa pagkakamit nito, isa tayo sa iilan pa lamang na local government units na certified ng international standard.

Future Plans:

1. LRT-MRT Line from Manila to Calamba in coordination with Dep't. of Transportation with 2 stations in Calamba
   • Additional funding for housing in Brgy. Banlic for those who will be displaced by the project
   • Establishment of a depot in Brgy. Banlic where trains will be maintained and repaired
2. Introduction of solar powered electricity in the city making us a Green City to promote solar energy
3. In coordination with DPWH, construction of more road networks – San Jose-Bucal and Bucal-Bay By-Pass Roads
4. Road Widening project leading to heritage area (Rizal Shrine, Banga, Catholic Church)
5. Construction of a Specialty Hospital




Mahaba na ang ating nalakbay at sama-sama nating nasaksihan kung paano ang ating minamahal na lungsod at kinikilala ngayon bilang isa sa pinaka-maunlad sa buong bansa.

Hayaan ninyong magpasalamat ako kay Vice Mayor Ross Rizal at sa lahat ng ating mga konsehal… sa kanilang walang maliw na tulong at suporta sa nagdaang anim na taon, upang maitaas natin ang antas ng paglilingkod sa ating lungsod. Sa mga Department Heads na buong husay na ginampanan ang mandato ng kanilang mga tanggapan; sa lahat ng ating mga kawani sa matapat nilang paglilingkod; sa iba't-ibang ahensya ng pamahalaan sa kanilang pakikiisa sa ating mga programa. Higit sa lahat, sa ating mga mamamayang Calambeno, sa kanilang walang sawang suporta upang ang Calamba ay ating maitanghal at maipagmalaki sa buong bansa.


***Marami pong Salamat sa inyong lahat. Mabuhay ang Calamba!***

Tatak SerVICE RIZAL TAPAT MAGSILBI Tatak SerVICE RIZAL TAPAT MAGSILBI Tatak SerVICE RIZAL



Muling nagsagawa ng isang Blood Letting Activiy ang tanggapan ng ating Pangalawang Punong Lungsod Roseller H. Rizal, katuwang ang Calamba Medical Center at Calamba City Triskelion Elders and Alumni Organization. Ang programa ay may temang

# "DUGONG ALAY, BAYANING TUNAY"






Ang Blood Letting Activity ay isinagawa noong Marso 6, 2019 sa Bulwagan ng Lungsod ng Calamba. Kabilang sa mga nakiisa sa nasabing aktibidad ay ang National Fire Training Insitute, Kalamba Barangay Kagawad for Development Association, Inc. (KABARKADA), Triskelion Artist Guild, ilang kawani ng Lokal na Pamahalaaan, at mga residente ng Lungsod.






Umabot sa 157 bags ng dugo ang nalikom sa ginanap na Blood Letting Activity. Laan ito sa mga Calambeños na nangangailangan ng libreng dugo.




Tatak SerVICE RIZAL TAPAT MAGSILBI Tatak SerVICE RIZAL TAPAT MAGSILBI Tatak SerVICE RIZAL

# MAY 2019 ELECTIONS
## Calendar of Activities
### CITY OF CALAMBA

**MAY 13, 2019 MONDAY** — ELECTION DAY

| LIQUOR BAN | CAMPAIGN BAN | GUN BAN |
|---|---|---|
| May 12 - May 13 2019 | May 12 - May 13 2019 | January 13 - June 12 2019 |

| DATE | ACTIVITIES |
|---|---|
| Feb. 12, 2019 - May 11, 2019 | Campaign period for Senators and party-list groups |
| March 30, 2019 - May 11, 2019 | Campaign period for members of the House of Representatives, regional, provincial, city, and municipal officials |
| June 12, 2019 | Deadline for filing of Statement of Contributions and Expenditures (SOCE) |

IIPESO CALAMBA
Information, Investment Promotions & Employment Services Office



# City of Calamba DIRECTORY 545-6789

OFFICE | LOCAL NO.

**MAYORS OFFICE 8307 / 8306**
545-7887 FAX 8305 MD EXT 8225
**OSCA** 576-4963 **SECTORAL** 8213

## ATTY. JUSTIN MARC SB. CHIPECO
CITY MAYOR

## HON. ROSELLER H. RIZAL
CITY VICE MAYOR

**VMO** 8310 **VMO Extension** 8315 **VMO Staff** 8311

| | | | |
|---|---|---|---|
| SANGGUNIANG PANLUNGSOD | 8240 | HON. PEEWEE PEREZ | 8321 |
| HON. EDGARDO CATINDIG | 8322 | HON. ANGELITO LAZARO | 8317 |
| HON. MOISES MORALES | 8318 | HON. DYAN ESPIRIDION | 8324 |
| HON. SATURNINO LAJARA | 8319 | HON. JOHNNY LAZARO | 8320 |
| HON. MARIA VIRGINIA ALCASID | 8325 | HON. SANTIAGO ATIENZA | 8323 |
| HON. CHARISSE ANNE HERNANDEZ | 8326 | HON. LARRY DIMAYUGA | 8316 |

**ACCOUNTING** 8202 / 8203 / 8204
**ADMIN** 8303
**AGRI** 8001 / 8002
**ASSESSOR** 8107 / 8108 / 8109
**BPTFO** 8100 / 8101 / 8102 / 8104
**BUDGET** 8205 / 8206
**BUILDING** 8030 / 8031
**CENRO** 8217 / 8218
**COOP** 8018 / 8019
**CPDO** 8208 / 8209 / 8210
**CSSD** (DSWD) 8226 / 8120
**ENGINEERING** 8211 / 8212 / 8214
**GSO** 8008 / 8007 / 8006/8207/8200
**HEALTH** 8015 / 8016
**HOUSING** 8020 / 8021
**HRMO** 8219 / 8220
**IIPESO** 8011 / 8012 / 8014
**ICT** 8005
**LEGAL** 8221 / 8222

**POPULATION** 8329
**POSO** 8024 /8025/ 8026
**REGISTRY** 8115 / 8116 / 8117
**TOURISM** 8331 / 8332
**TREASURY** 8110 / 8111 / 8112 / 8114
**VET** 8003 / 8004

---

**PNP** 8702 / 8700 / 8701
**BFP** 8601 / 8600
**CCC** (049) 545-0160/545-0555/502-0677
**CMDC** 306-0112 / 545-4384
**COA** 8215 / 8216
**COMELEC** 8017
**DepEd** 545-7331 / 545-5797 / 502-2520
**DILG** 8223 / 8224
**LANDBANK** 545-0177
545-0176 (CASHCARD)
**WATER DISTRICT**
545-1614 / 545-2863 / 545-2728 / 545-7895


# CALAMBALITA
## EDITORIAL BOARD

**NOEMI E. TALATALA**
*Editor - In - Chief*

**CECIL H. CANILLAS**
*Associate Editor*

**MARIVIC D. BALBA**
*Features Editor*

**MOISES ALCASABAS**
*Managing Editor*


*Staff Writers:*
**RETCHIE PELIPADA, ANALIZA CERVANTES, JOJO BUSAYONG, JOEL CABACTULAN INFORMATION OFFICER NETWORK**

**RIZZA JANE L. JUMARANG**
*Lay-out Artist*


**RIKATHRINA "Kat" C. LANZANAS**
*Graphics Designer*

**MONTE OPULENCIA / DENNIS CEPEDA**
*Photographer*


https://www.facebook.com/attyjustinmarcsbchipeco/





https://www.facebook.com/calambalita




https://www.facebook.com/iipeso.calamba



https://www.facebook.com/Cciolipeso/




https://www.facebook.com/kalanbangaDEN/

